

## **KARANASAN NG ISANG BATANG INA: ISANG PANANALIKSIK**

*Gisella Mari A. Averion, Florentino L. Elic at Fernando A. Garcia  
BS in Psychology*

### **Abstrak**

*Ang layunin ng pananaliksik na ito ay ang malaman at mabatid kung ano ang mga pinagdadaan ng mga batang ina sa anim na aspeto: emosyonal, espiritwal, mental, pinansyal, relasyonal at sosyal. Ang sinabing pananaliksik ay sumailalaim sa quantitative method at ginamitan ng non-random convenient sampling, kung saan ang mga respondente ay pinili ng mga mananaliksik base sa “convenience”. Ang bilang ng mga respondente ay tatlung-pito (35) na batang ina na may edad na labing-dalawa hanggang labing-walo na naninirahan sa Sta. Rosa Alaminos, Laguna. Ang lumabas na resulta ay walang pagkakaiba ang mean score ng anim na salik kapag igrinupo sa antas ng huling pag-pasok, edad ng unang panganganak at kapag igrinupo sa pagkakakilanlan; kung ito ay tumigil o ipinag patuloy ang kanilang pag-aaral at mayroong pagkakaiba sa mean score sa emosyonal at sosyal na salik kapag igrinupo sa estadong marital.*

**Keywords:** *karanasan, batang ina, emosyonal, espiritwal, mental, pinansyal, relasyonal, sosyal*

## **PANIMULA**

"Ang mga kabataan ay ang pag-asa ng ating bayan", ayon ito kay Dr. Jose Rizal, ang ating pambansang bayani. Sila ang magsisilbing lider sa hinaharap at magpapaunlad ng ating bansa. Sa kanilang murang isipan mahuhubog ang isang magandang ideya at pag-iisip na malaki ang maiaambag sa ating bansa.


Ang paghubog ng pagkatao ng isang bata ay nakasalalay sa kamay ng mapag-arulang ina. Responsibilidad ng mga magulang kung paano nila palalakinin ng maayos at may takot sa Diyos ang kanilang anak.

Ang batang ina ay isang kabataan na maagang napasok sa isang mabigat na responsibilidad ng pagiging isang magulang sila ay nasa edad labing dalawa hanggang labing walong taong gulang.

Nagiging isyu sa Pilipinas ang pagdami ng mga kabataang maagang nabubuntis o maagang nakakapag-asawa. Dahil ang pagiging isang magulang sa murang edad ay hindi tama at maraming nagiging epekto.

Mangangalap ang mga mananaliksik ng impormasyon sa pamamagitan ng pag-sasarbey upang makuha ang kanilang pagkakakilanlan at upang makakuha ng tiyak na impormasyon hinggil sa pinagdadaanan nila bilang batang ina. Tatalakayin ng mga mananaliksik ang mga pinagdadaanan ng mga batang ina, sa pamamagitan ng mga sumusunod na salik: emosyonal, espiritwal, mental, pinansyal, relasyonal at sosyal; at aalamin kung positibo o negatibo ba nila itong nararanasan.

## Konsepto ng Pagbabalangkas



**Figura 1. Balangkas ng Pananaliksik**

Ang balangkas na ito ay nagpapakita ng mga pagkakakilanlan ng mga respondente, kung anong taong gulang sila nagluwal ng sanggol, ang kanilang antas ng edukasyon, marital status at kung tumigil o ipinagpatuloy ang kanilang pag-aaral ang mga ito ay *independent variable*. Pinagdadaanang suliranin o problema ng mga batang inasa anim na salik: Emosyonal, Espiritwal, Mental, Pinansyal, Relasyonal at Sosyal ang mga ito ay ang *dependent variable*.

Ang balangkas na ito ay upang malaman ang pagkakakilanlan ng mga respondente at ang kanilang pinagdadaanan sa anim na salik, ito ay ang mga; emosyonal na salik ay ang nararamdaman ng mga batang ina na maaring lungkot o saya, ang espiritwal na salik ay ang paniniwala at pananampalataya pa din ng mga batang ina sa Panginoon, ang mental na salik ay ang takbo ng pag-iisip at pananaw sa buhay ng mga batang ina, ang pinansyal na salik ay ang mga bagay o pangangailangan na pagkakagastusan ng pera o mga ari-arian, ang relasyonal na salik ay ang relasyon, pakikisama o pakikitungo ng mga batang ina sa kanilang mga magulang at asawa at ang pinakahuli naman ay ang sosyal na salik ito ay ang pakikitungo o pakikisama ng mga batang ina sa ibang tao at lipunan.

## Layunin ng Pag-aaral

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay malaman ang mga pinagdadaanan ng mga batang ina sa kanilang murang edad.

Ang pag-aaral na ito ay sasagutin ang mga sumusunod na katanungan ayon sa:

1. Ano ang pagkakakilanlan ng mga batang ina ayon sa:

- 1.1 Antas ng Edukasyon;
- 1.2 Edad ng Unang Panganganak;
- 1.3 Marital Status; at,
- 1.4 Tumigil o Pinagpatuloy ang Pag-aaral.

2. Ang mga pinagdadaanang karanasan ng mga batang ina ayon sa iba't ibang salik.

- 2.1 Emosyonal;
- 2.2 Espiritwal;
- 2.3 Mental;
- 2.4 Pinansyal;
- 2.5 Relasyonal; at,
- 2.6 Sosyal.

3. May pagkakaiba ba ang *mean score* ng mga respondente kapag grinupo ayon sa pagkakalilanan.

- 1.1 Antas ng Edukasyon;
- 1.2 Edad ng Unang Panganganak;
- 1.3 Marital Status; at,
- 1.4 Tumigil o Ipinagpatuloy ang Pag-aaral.

## **METODO**

Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa mga pinagdadaan ng mga batang ina sa anim na salik; emosyonal, espiritwal, mental, pinansyal, relasyonal at sosyal. . Ito ay sumailaim sa *Quantitative method* kung saan gumamit ng sarbey na metodo na nakalahad kung maaari nilang sagutan lahat ng mga tanong sa *survey questionnaire*.

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa Brgy. Sta. Rosa, Alaminos, Laguna. Ito ang ibinigay na lugar ng munisipyo ng Alaminos, Laguna kung saan mayroong pinaka maraming bilang ng mga dalagang nag buntis ng maaga.

Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng non-random convenient sampling, kung saan ang mga respondente ay pinili ng mga mananaliksik base sa ibinigay na record ng munisipyo ng Alaminos, Laguna. Ang mga respondente ay mga piling batang ina na nasa edad labing dalawa hanggang labing walo. Sila ang pinili naming respondente dahil sila ang naaangkop sa aming pag aaral, sila ang nakakaalam kung ano nga ba ang mga nararanasan ng mga batang ina, at upang malaman namin kung anu-ano ang mga pinagdadanan nila sa buhay may anak sa murang edad, Sila ay mga indibidwal na nasa adolescence stage na kung saan dapat ay nagliliwaliw pa sila bilang bata.

Ang ginamit ng mga mananaliksik ay ang instrumentong sarbey. Ito ay isang constructed test instrument kung saan idinaan sa pagsusuri sa pamamagitan ng pag papa validate sa mga eksperto, pag pa-pilot testing at pag kuha ng reliability score. Ang sarbey kwestyoneyr na ito ay inihanda ng mga mananaliksik upang makapangalap ng mga datos upang malaman kung ano nga ba ang pinagdadaan ng mga batang ina sa anim na salik; emosyonal, espiritwal, mental, pinansyal, relasyonal at sosyal, at upang

malaman kung postibo ba nilang nararaan ang mga statement na nakasulat o neagatibo.

Ito ay nahahati sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi ng aming sarbey kwestyoneyr ay ang pagkakakilanlan ng mga taga-tugon ang kanilang antas ng edukasyon, edad nung unang nagka-anak, estadong marital, tumigil o ipinagpatuloy ang pag-aaral. Ang pangalawang bahagi ay ginamitan ng 4 point likert scale ito ay ang mga lubos na hindi sumasang-ayon, hindi sumasang-ayon, sumasang-ayon at lubos na sumasang-ayon. Upang makuha ang lebel ng kanilang pinagdaraan sa buhay sa pamamagitan ng anim na salik; emosyonal, espirital, mental, pinansyal, relasyonal at sosyal.

### **Proseso ng Pangangalap ng Datos**

Para sa pag-apruba, ang mga mananaliksik ay nagsumite ng pamagat, matapos maaprubahan ang pamagat, ang mga mananaliksik ay naghanap ng mga kaugnay na literatura.

Gumawa ng kwestyoner ang mga mananaliksik at nag pakonsulta sa kanilang propesor. Humingi ng tulong ang mga mananaliksik sa statisticians upang malaman kung anong gagamiting test instrument. Ipinasuri ng mga mananaliksik ang kanilang kwestyoneyr sa mga eksperto at statistician. Idinaan sa Pilot Testing at kinuha ang reliability score.

Ang mga mananaliksik ay nagsumite ng Communication Letter sa munisipyo ng Alaminos, Laguna upang makahanap ng rekord ng mga batang ina.

Nangalap ang mga mananaliksik ng datos sa pamamagitan ng sarbey kwestyoneyr sa 35 na respondente at ang mga datos na nakalap ay inalisa ng mabuti at ang resulta ay inilahad sa diskusyon, kongklusyon at rekomendasyon.

## **RESULTA AT DISKUSYON**

Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng presentasyon, analisis, at resulta ng mga sagot na nakalap at tinaly sa pamamagitan ng SPSS.

Sa Talahanayan 1, makikita ng antas ng edukasyon ng mga batang ina, kung anong antas sila tumigil noong nalaman nila na sila ay buntis. Labing isa (11) o 31.43 porsyento na taga-tugon ay nabuntis at huminto sa pag-aaral noong sila ay nasa elementaryang antas, dalawampu't dalawa (22) o 62.86 porsyento na mga taga-tugon ang nabuntis at tumigil sa pag aaral noong sila ay nasa sekondaryang antas at dalawa (2) o 5.71 porsyento na mga taga-tugon ay nabuntis at tumigil noong sila ay nasa kolehiyong antas.

Mas maraming nabuntis na dalagang ina noong sila ay nasa highschool level at ang mas maunting nagbubuntis ay nasa kolehiyong antas at ito ay sumusoporta sa pag-aaral ni Malasan noong taong 2011 ayon sa kanya ang maging dalagang ina ay isang disadvantage dahil ito ay maaaring makaapekto sa pag-aaral. Ang mga dalagang ina ay may mas malaking tsansa ng paghinto sa pag-aaral, lalo na sa hayskul. Isang pag-aaral noong 2001 ang nagsasabing ang kababaihang nagsilang ng sanggol sa kanilang kabataan ay nakapagtapos ng pag-aaral sa sekondarya 10-12% ay kadalasang nagpupursige ng post-secondary education.

### **Talahanayan 1. Dibisyon ng mga taga-tugon ayon sa antas ng edukasyon**

<b>ANTAS NG EDUKASYON</b>	<b>F</b>	<b>%</b>
<b>Kolehiyo</b>	2	5.71
<b>Sekondarya</b>	22	62.89
<b>Elementarya</b>	11	31.43
<b>Kabuuan</b>	<b>35</b>	<b>100</b>

Sa Talahanayan 2, ipinapakita ang edad ng mga respondente ng sila ay magbuntis, Isa (1) o 2.86 porsyento ang batang ina na nanganak sa edad na labing tatlo (13) at labing apat (14), Apat (4) o 11.43 porsyento ang batang ina ang nanganak sa edad na labing lima (15), Dalawa (2) o 5.71 porsyento ang batang ina na nanganak sa edad na labing anim (16), Labing dalawa (12) o 34.29 porsyento ang batang ina na nanganak sa edad na labing pito (17), at labing lima (15) o 42.86 poryento na batang ina ang nanganak sa edad na labing walo (18).

Sa pag aaral na ito, ang edad ng mga respondente ay labing dalawa hanggang labing walo kung saan sa psychosocial theory ni Erik Erikson sila ay nasa adolescence stage.

Sa kabuuan ay mas marami ang batang ina ang nanganak sa edad na labing pito at labing walo at kaunti lamang ang mga batang ina na nanganak sa edad na labing dalawa hanggang labing anim at ayon naman sa estadistika ng Save the Children, 13 milyong babae sa iba't ibang parte ng mundo ang nabubuntis sa edad 20 pababa taun-taon at dahil dito ay nagsasagawa ang gobyerno ng solusyon kung paano ibababa ang bilang na ito

**Talahaayan 2. Dibisyon ng mga taga-tugon ayon sa edad ng unang panganganak**

<b>EDAD NG UNANG PANGANGANAK</b>	<b>F</b>	<b>%</b>
<b>18</b>	15	2.86
<b>17</b>	12	2.86
<b>16</b>	2	11.43
<b>15</b>	4	5.71
<b>14</b>	1	34.29
<b>13</b>	1	42.86
<b>Kabuuan</b>	<b>35</b>	<b>100</b>



Sa Talahanayan 3, ay nag papakita ng estadong marital ng mga batang ina. Labing isa (11) o 31.43 porsyento na taga-tugon ay live-in sa kanilang kinakasama, apat (4) o 11.43 porsyento sa mga taga-tugon ay single at kasama ang kanilang magulang mag palaki ng kanilang sanggol, at dalawampu (20) o 57.14 porsyento ay kasal sa kanilang nobyo.

Karamihan sa mga batang ina na ito ay kasal sapagkat likas sa mga pinoy ang pagpapakasal kapag nagsasama na ang babae at lalaki sa iisang bubong. Marahil ay naniniwala sila na kasalan sa diyos ang hindi pagpapakasal, sapagkat ang pag papakasal ay isa sa pitong sacramento na kailangang maranasan.

### **Talahanayan 3. Dibisyon ng mga taga-tugon ayon sa estadong marital**

<b>ESTADONG MARITAL</b>	<b>F</b>	<b>%</b>
<b>Live-in</b>	11	31.43
<b>Single</b>	4	11.43
<b>Married</b>	20	57.14
<b>Kabuuan</b>	<b>35</b>	<b>100</b>

Sa Talahanayan 4, ay nag papakita kung tumigil o ipinagpatuloy ng mga taga tugon ang kanilang pag aaral matapos nilang manganak, Tatlumput-tatlo (33) o 91.43 porsyento ay tumigil na sa pag aaral, at tatlo (3) o 8.57 porsyento ang mga batang ina na ipinagpatuloy ang pag aaral matapos manganak.

Mas marami sa mga batang ina ay tumigil na sa pag-aaral matapos manganak at kaunti lamang ang nag patuloy. Karamihan sa kanila ay hindi na itinuloy ang kanilang pag-aaral matapos manganak sapagkat nadagdagaan ang kanilang responsibilidad bilang isang magulang at marahil ang isa pang dahilan nila ay upang makahanap ng trabaho para matustusan ang kanilang pangangailanagan.

**Talahanayan 4. Dibisyon ng mga taga-tugon ayon kung tumigil o ipinagpatuloy nila ang kanilang pag-aaral matapos manganak**

<b>TUMIGIL O IPINAGPATULOY</b>	<b>F</b>	<b>%</b>
<b>Tumigil</b>	32	91.43
<b>Ipinagpatuloy</b>	3	8.57
<b>Kabuuan</b>	<b>35</b>	<b>100</b>

Ang talahanayan na ito ay nagpapakita ng pinagdadaanang buhay ng mga batang ina sa pandamdaming salik. Ang statement na nakakuha ng pinaka mataas na mean score na 1.14 na mayroong resulta na "Lubos na sumasang-ayon" ay ang statement na "Ipinagmamalaki ko ang aking anak" na may positibong sagot na nararanasan nila ito at ang sunod sa pinakamataas ay ang statement na na mayroong mean score na 1.17 "Masarap sa pakiramdam kapag yakap ko ang aking anak" na mayroon ding positibong sagot na nararanasan nila ito. Ang statement naman na mayroong pinaka mababang mean score na 3.14 na mayroong resulta na "Hindi Sumasang-ayon" ay statement na "Malungkot magdalang tao" na mayroong negatibong sagot na hindi nila ito nararamdaman. Ang sunod sa pinakamababang mean score ay ang statement na "Nasisigawan ko ang anak ko kapag ako ay nagagalit" na mayroong mean score n 2.37 na negatibong nagagawa nila.

Sa kabuuan, batay sa mga datos na nakalap ng mga mananaliksik napag-alaman na ang kabuuang weighted mean ay 1.61. Kung saan ang resulta ay "Sumasang-ayon".

### Talahanayan 5. Distribusyong ng mga kasagutan at mean score ng pandamdaming salik

AYTEM	MEAN	DESKRIPSYON	INTERPRETASYON
1. Ipinagmamalaki ko ang aking anak.	1.14	LS	Positibo
2. Masarap sa pakiramdam kapag yakap ko ang aking anak.	1.17	LS	Positibo
3. Masaya sa pakiramdam kapag hinahanap ako ng aking anak.	1.2	LS	Positibo
4. Masaya sa pakiramdam kapag tumatawa ang aking anak.	1.2	LS	Positibo
5. Maligaya ako sa piling ng aking anak.	1.23	LS	Positibo
6. Nag-aalala ako kapag may sakit ang anak ko.	1.31	LS	Positibo
7. Masaya ang buhay na may anak.	1.4	LS	Positibo
8. Nawawala ang inis ko pag nakikita ko ang aking anak	1.43	LS	Positibo
9. Nasasaktan ako tuwing umiiyak ang anak ko.	1.51	S	Positibo
10. Natataranta ako kapag umiiyak ang anak ko.	1.69	S	Positibo
11. Napaiyak ako sa saya nang nalaman kong buntis ako.	2.09	S	Positibo
12. Nasisigawan ko ang anak ko kapag ako ay nagagalit	2.37	S	Positibo
13. Malungkot magdalang tao.	3.14	H	Negatibo
<b>Kabuuan</b>	<b>1.61</b>	<b>S</b>	<b>Positibo</b>

\*(3.50 - 4.00) **LH**- Lubos na hindi sumasang-ayon, (2.50-3.49) **H**-Hindi sumasang-ayon, (1.50 - 2.49) **S**- Sumasang-ayon, at (1.00 - 1.49) **LS**-Lubos na sumasang-ayon.

Ang talahanayan na ito ay nagpapakita ng pinagdadaanang buhay ng mga batang ina sa espiritwal na salik. Ang *statement* na nakakuha ng pinaka mataas na *mean score* na 1.91 na mayroong resulta na "Sumasang-ayon" ay *statement* na "Iniisip ko na pagsubok mula sa panginoon lahat ng problema ko" na mayroon positibong sagot na nararanasan nila ito, ang sunod sa pinakamataas ay ang *statement* na "Iniisip ko na may dahilan kung bakit ako nabuntis ng maaga" na mayroong mean score na 2.06 na may sagot na positibong nararanasan nila ito at ang *statement* naman na merong pinaka mababang *mean score* na 3.91 na mayroong resulta na "Lubos na hindi sumangsang -ayon" ay ang *statement* na "Nagagalit ako sa Panginoon." Na may negatibong sagot na hindi nila ito naramdaman Ang sunod sa pinakamababang

mean score ay ang *statement* na “Nagtatampo ako sa panginoon.” na mayroong mean score na 3.86 na mayroong negatibong sagot na nararamdaman nila ito.

Ang negatibo o hindi nararanasan ng mga batang ina ay hindi na sila nakakasimba isang beses sa isang linggo.

**Talahanayan 6. Distribusyon ng mga kasagutan at mean score ng espiritwal na salik**

AYTEM	MEAN	DESKRIPSYON	INTERPRETASYON
1. Iniisip ko na pagsubok mula sa panginoon lahat ng problema ko.	1.91	S	Positibo
2. Iniisip ko na may dahilan kung bakit ako nabuntis ng maaga.	2.06	S	Positibo
3. Sumisimba kami isang beses sa isang linggo.	3.11	H	Negatibo
4. Inisip ko na kasalanan ang mag buntis ng maaga.	3.11	H	Negatibo
5. Sumasagi sa aking isipan na wala sa plano ng Panginoon ang maaga kong pagbubuntis.	3.69	LH	Negatibo
6. Sa tingin ko hindi pantay o "unfair" ang Panginoon.	3.8	LH	Negatibo
7. Nagtatampo ako sa panginoon.	3.86	LH	Negatibo
8. Nagagalit ako sa Panginoon.	3.91	LH	Negatibo
<b>Kabuuan</b>	<b>3.18</b>	<b>H</b>	<b>Negatibo</b>

\*(3.50 - 4.00) **LH**- Lubos na hindi sumasang-ayon, (2.50-3.49) **H**-Hindi sumasang-ayon, (1.50 - 2.49) **S**- Sumasang-ayon, at (1.00 - 1.49) **LS**-Lubos na sumasang-ayon.

Ang talahanayan na ito ay nagpapakita ng pinagdadaanang buhay ng mga batang ina sa mental na salik. Ang *statement* na nakakuha ng pinaka mataas na *mean score* na 1.60 na mayroong resulta na "Sumasang-ayon" ay *statement* na "Nakakatulog ako ng maayos" na mayroong positibong sagot na nararanasan nila ito, ang sunod sa pinakamataas ay ang *statement* na “Sapat ang oras ng aking pag tulog” na mayroong mean score na 1.77 na mayroong positibong sagot na nararanasan nila ito. Ang *statement* naman na mayroong pinakamababang *mean score* na 3.89 na mayroong resulta na “Lubos na hindi sumasang-ayon” ay ang *statement* na "Naisip kong ipalaglag ang sanggol sa

sinapupunan ko."na mayroong negatibong sagot na nararanasan nila ito Ang sunod sa pinakamababang ay ang *statement* na "Naisip kong maglayas" na mayroong mean score na 3.83 na mayroong negatibong sagot na nararanasan nila ito.

Sa kabuuan, batay sa mga datos na nakalap ng mga mananaliksik napag-alaman na ang kabuuang *weighted mean* ay 2.79 kung saan ang resulta ay o "Hindi sumasang-ayon".

**Talahanayan 7. Distribusyon ng mga kasagutan at mean score ng mental na salik**

AYTEM	MEAN	DESKRIPSYON	INTERPRETASYON
1. Nakakatulog ako ng maayos	1.6	S	Positibo
2. Sapat ang oras ng aking pag tulog	1.77	S	Positibo
3. Inisip ko noon kung handa na ba akong maging ina.	2	S	Positibo
4. Iniisip ko kung bakit ito nangyari sa akin	2.2	S	Positibo
5. Pilit kong iniisip na hindi ako dapat ma-depress.	2.37	S	Positibo
6. Madalas kong naiisip ang mga problemang kalakip ng aking pag bubuntis.	2.89	H	Negatibo
7. Madalas akong maistress pagnaisip ko na ako ay isang batang ina.	2.97	H	Negatibo
8. Pumapasok sa isip ko ang pagsisipi sa pagbubuntis.	3.09	H	Negatibo
9. Naisip kong wala na akong magandang kinabukasan.	3.2	H	Negatibo
10. Wala na akong tiwala sa aking sarili	3.71	LH	Negatibo
11.Naisip kong maglayas	3.83	LH	Negatibo
12. Naisip kong ipalaglag ang sanggol sa sinapupunan ko.	3.89	LH	Negatibo
<b>Kabuuan</b>	<b>2.79</b>	<b>H</b>	<b>Negatibo</b>

\*(3.50 - 4.00) LH- Lubos na hindi sumasang-ayon, (2.50-3.49) H-Hindi sumasang-ayon, (1.50 - 2.49) S- Sumasang-ayon, at (1.00 - 1.49) LS-Lubos na sumasang-ayon.

Ang talahanayan na ito ay nagpapakita ng pinagdadaanang buhay ng mga batang ina sa pinansyal na salik. Ang *statement* na nakakuha ng pinaka mataas na *mean score* na 1.60 na mayroong resulta na "Sumasang-ayon" ay *statement* na "Maayos ang bahay na tinitirahan namin."na mayroong sagot na positibo nila itong naaranasan,ang sunod sa pinakamataas ay ang *statement* na "Sapat ang pagkain namin sa pang araw-araw" na may positibong sagot na

nararanasan nila ito. Ang *statement* naman na mayroong pinakamababang *mean score* na 3.11 na mayroong resulta na "Hindi pagsang-ayon" ay ang *statement* na "Tinitipid ko sa wastong pangangailangan ang aking anak." na may negatibong sagot na nararanasan nila ito. Ang sunod sa pinakamababa ay ang *statement* na "Madalas kaming kumakain sa labas katulad ng *Fast-food chain* o restawran" na mayroong *mean score* na 2.97 na mayroong sagot na negatibo na hindi nila ito nararanasan.

Sa kabuuan, batay sa mga datos na nakalap ng mga mananaliksik napag-alaman na ang kabuuang *weighted mean* ay 2.36 kung saan ang resulta ay "Sumasang-ayon".

### Talahanayan 8. Distribusyon ng mga kasagutan at mean score ng pinansyal na salik

AYTEM	MEAN	DESKRIPSYON	INTERPRETASYON
1. Maayos ang bahay na tinitirahan namin.	1.6	S	Positibo
2. Sapat ang pagkain namin sa pang araw-araw.	1.69	S	Positibo
3. Napupunan ng aking asawa ang pangangailangang pinansyal ang aming pamilya	1.83	S	Positibo
4. Naibibili ko ng wastong pangangailangan ang aking anak.	1.97	S	Positibo
5. May sarili kaming bahay.	2.14	S	Positibo
6. Nangugutang kami sa tindahan.	2.23	S	Positibo
7. Nabibili ko lahat ng pangangailangan namin.	2.47	S	Positibo
8. Kapos kami sa pangangailanganag pinansyal.	2.69	H	Negatibo
9. Nakabibili ako ng mga bagay alinsunod sa aking mga luho.	2.77	H	Negatibo
10. Marami kaming stock ng pagkain sa bahay.	2.83	H	Negatibo
11. Madalas kaming kumakain sa labas katulad ng <i>Fast-food chain</i> o restawran	2.97	H	Negatibo
12. Tinitipid ko sa wastong pangangailangan ang aking anak.	3.11	H	Negatibo
<b>Kabuuan</b>	<b>2.36</b>	<b>S</b>	<b>Positibo</b>

\* (3.50 - 4.00) **LH**- Lubos na hindi sumasang-ayon, (2.50-3.49) **H**-Hindi sumasang-ayon, (1.50 - 2.49)

**S**- Sumasang-ayon, at (1.00 - 1.49) **LS**-Lubos na sumasang-ayon.

Ang talahanayan na ito ay nagpapakita ng pinagdadaanang buhay ng mga batang ina sa relasyonal na salik. Ang *statement* na nakakuha ng pinaka mataas na *mean score* na 1.29 na mayroong resulta na "Lubos na sumasang-

ayon" ay *statement* na "Maayos ang relasyon ko sa kinakasama ko" at ang sumunod sa pinakamataas ay ang *statement* na "Maayos ang relasyon ko sa anak ko" na mayroong mean score na 1.37 kung saan parehong may positibong sagot na nararanasan nila ito. Ang *statement* naman na mayroong pinaka mababang *mean score* na 3.26 na mayroong resulta na "Hindi pagsang-ayon" ay ang *statement* na "Nagalit ang mga kapatid ko sa akin." At ang sunod sa pinakamababa ay ang *statement* na "Nagagalit sa akin ang mga kamag-anak ko dahil nagbuntis ako ng maaga" na mayroong mean score na 3.11. Ito ay mayroong mga sagot na negatibo na ang ibig sabihin ay hindi nila ito nararanasan.

Sa kabuuan, batay sa mga datos na nakalap ng mga mananaliksik napag-alaman na ang kabuuang *weighted mean* ay 2.07. Kung saan ang resulta ay "Sumasang-ayon".

**Talahanayan 9. Distribusyon ng mga kasagutan at mean score ng relasyonal na salik**

AYTEM	MEAN	DESKRIPSYON	INTERPRETASYON
1. Maayos ang relasyon ko sa kinakasama ko.	1.29	LS	Positibo
2. Maayos ang relasyon ko sa anak ko.	1.37	LS	Positibo
3. Maayos ang relasyon namin mag-anak.	1.46	LS	Positibo
4. Alam lahat ng kakilala ko na may anak na ako.	1.49	S	Positibo
5. Mas tumibay ang relasyon namin mag-asawa.	1.71	S	Positibo
6. Humihingi ako ng payo sa mga nakatatanda.	1.8	S	Positibo
7. Palagi akong pinagsasabihan ng matatanda	1.86	S	Positibo
8. Nakakatulong sa akin ang mga ninang at ninong ng anak ko.	2.26	S	Positibo
9. Minsan nasa mga biyenan ko ang anak ko.	2.54	H	Negatibo
10. Nakakatambay pa ako kasama ang aking mga kaibigan.	2.63	H	Negatibo
11. Nagagalit sa akin ang mga kamag-anak ko dahil nagbuntis ako ng maaga	3.11	H	Negatibo

<b>12. Nagalit ang mga kapatid ko sa akin.</b>	3.26	H	Negatibo
<b>Kabuuan</b>	<b>2.07</b>	<b>S</b>	<b>Positibo</b>

\*(3.50 - 4.00) **LH**- Lubos na hindi sumasang-ayon, (2.50-3.49) **H**-Hindi sumasang-ayon, (1.50 - 2.49) **S**- Sumasang-ayon, at (1.00 - 1.49) **LS**-Lubos na sumasang-ayon.

Ang talahanayan na ito ay nagpapakita ng pinagdadaanang buhay ng mga batang ina sa sosyal na salik. Ang *statement* na nakakuha ng pinaka mataas na *mean score* na 2.20 na mayroong resulta na “Sumasang-ayon” ay ang *statement* na “May nag bibigay sa amin ng gamit ng mga bata” na may sagot na positibo nila itong nararanasan, Ang *statement* naman na mayroong pinakamababang *mean score* na 3.71 na mayroong resulta na " Lubos na hindi pagsang -ayon" ay *statement* na " Nahihiya akong lumabas ng bahay kasama ang aking anak" na mayroong sagot na negatibo nila ito nararanasan, ang sunod sa pinakamababa ay ang *statement* na . “Nagbago ang pagtingin sakin ng aking mga guro” na mayroong 3.69 na *mean score* na mayroong sagot na negatibo nila itong nararanasan.

Sa kabuuan, batay sa mga datos na nakalap ng mga mananaliksik napag-alaman na ang kabuuang *weighted mean* ay 3.22 kung saan ang resulta ay “Hindi pagsang-ayon”.

### Talahanayan 10. Distribusyon ng mga kasagutan at *mean score* ng sosyal na salik

Aytem	MEAN	DESKRIPSYON	INTERPRETASYON
1. May nag bibigay sa amin ng gamit ng mga bata.	2.2	S	Positibo
2. Napapagkamalan nila na kapatid ko ang aking anak.	2.54	H	Negatibo
3. Nakakasali pa din ako sa mga proyektong panlipunan.	3	H	Negatibo
4. Mas inuuna kami pag nasa pila.	3.2	H	Negatibo
5. Naapektuhan ako sa mga sinasabi ng iba.	3.23	H	Negatibo



6. Iniiwasan ako ng ibang tao para hindi makasama sa pinag-chichismisan	3.29	H	Negatibo
7. Pinagtitinginan ako kapag kasama ko ang anak ko.	3.29	H	Negatibo
8. Naiilang akong sumama sa aking mga kaibigang mga dalaga	3.37	H	Negatibo
9. Nakakapag party pa ako kasama ang mga kaibigan ko.	3.51	LH	Negatibo
10. Nakararanas ako ng hindi pagtanggap sa lipunan	3.6	LH	Negatibo
11. Nagbago ang pagtingin sakín ng aking mga guro.	3.69	LH	Negatibo
12. Nahihya akong lumabas ng bahay kasama ang aking anak.	3.71	LH	Negatibo
<b>Kabuuan</b>	<b>3.22</b>	<b>H</b>	<b>Negatibo</b>

\*(3.50 - 4.00) **LH**- Lubos na hindi sumasang-ayon, (2.50-3.49) **H**-Hindi sumasang-ayon, (1.50 - 2.49) **S**- Sumasang-ayon, at (1.00 - 1.49) **LS**-Lubos na sumasang-ayon.

Ang talahanayan na ito ay nagpapakita ng *test for significant difference* sa Antas ng huling pag-pasok sa anim na salik.

Sa Emosyonal na salik, *the computed level of significance is 0.785*, sa Espiritwal na salik, *the computed level of significance is 0.713*, sa Mental na salik, *the computed level of significance is 0.304*, sa Pinansyal na salik, *the computed level of significance is 0.197*, sa Relasyonal na salik, *the computed level of significance is 0.808*, at Sosyal na salik, *the computed level of significance is 0.881*.

Lahat ay mayroong *computed levels of significance* na mas mataas sa *set value of significance at 0.01 level 2-tailed or 0.05 level 2-tailed*, kaya, *null hypothesis is accepted*.

Ang resulta ay walang pagkakaiba ang *mean score* ng anim na salik kapag grinupo sa antas ng huling pag-pasok, sa elementarya, sekondarya at kolehiyo.

**Talahanayan 11. Test for significant difference in terms of antas ng huling pagpasok**

<b>Antas ng Huling Pagpasok</b>	<b>Computed Level of Significance</b>	<b>Decision</b>
<b>Emosyonal</b>	0.785	Not significant
<b>Espiritwal</b>	0.713	Not significant
<b>Mental</b>	0.304	Not significant
<b>Pinansyal</b>	0.197	Not significant
<b>Relasyonal</b>	0.808	Not significant
<b>Sosyal</b>	0.881	Not significant

*\*Significant at .05 level (2-tailed)*

Ang talahanayan na ito ay nag papakita ng *test for significant difference* sa Edad ng unang panganganak sa anim na salik.

Sa Emosyonal na salik, *the computed level of significance* ay 0.278, sa Espiritwal na salik, *the computed level of significance* ay 0.493, sa Mental na salik, *the computed level of significance* ay 0.528, sa Pinansyal na salik, *the computed level of significance* ay 0.426, sa Relasyonal na salik, *the computed level of significance* ay 0.195, at Sosyal na salik, *the computed level of significance* ay 0.883.

Lahat ay mayroong *computed levels of significance* na mas mataas sa *set value of significance* at 0.01 level 2-tailed or 0.05 level 2-tailed, kaya, *null hypothesis is accepted*.

Ang resulta ay walang pagkakaiba ang *mean score* ng anim na salik kapag grinupo sa edad ng unang panganganak.

**Talahanayan 12. Test for significant difference in terms of edad ng unang panganganak**

<b>Edad ng Unang Panganganak</b>	<b>Computed Level of Significance</b>	<b>Decision</b>
<b>Emosyonal</b>	0.278	Not significant
<b>Espiritwal</b>	0.493	Not significant
<b>Mental</b>	0.528	Not significant
<b>Pinansyal</b>	0.426	Not significant
<b>Relasyonal</b>	0.195	Not significant
<b>Sosyal</b>	0.883	Not significant

*\*Significant at .05 level (2-tailed)*

Ang talahanayan na ito ay nag papakita ng *test for significant difference* ng Estadong Marital sa Emosyonal, Espiritwal, Mental, Pinansyal, Relasyonal, at Sosyal na salik.

Sa Emosyonal na salik, *the computed level of significance* ay 0.20, sa Espiritwal na salik, *the computed level of significance* ay 0.197, sa Mental na salik, *the computed level of significance* ay 0.712, sa Pinansyal na salik, *the computed level of significance* ay 0.670, sa Relasyonal na salik, *the computed level of significance* ay 0.215, at Sosyal na salik, *the computed level of significance* ay 0.019.

Ang resulta ay walang pagkakaiba ang *mean score* ng Espiritwal, Mental, Pinansyal at Relasyonal na salik kapag grinupo sa Estadong Marital at mayroong pagkakaiba sa *mean score* sa Emosyonal at Sosyal na salik kapag grinupo sa Estadong Marital.

**Talahanayan 13. Test for significant difference in terms of estadong marital**

<b>Estadong Marital</b>	<b>Computed Level of Significance</b>	<b>Decision</b>
<b>Emosyonal</b>	0.020	Not significant
<b>Espiritwal</b>	0.197	Not significant
<b>Mental</b>	0.712	Not significant
<b>Pinansyal</b>	0.670	Not significant
<b>Relasyonal</b>	0.215	Not significant
<b>Sosyal</b>	0.019	Not significant

*\*Significant at .05 level (2-tailed)*

Ang talahanayan na ito ay nag papakita ng *test for significant difference* kapag Tumigil o Ipinagpatuloy ang kanilang pag-aaaral sa Emosyonal, Espiritwal, Mental, Pinansyal, Relasyonal, at Sosyal na salik.

Sa Emosyonal na salik, *the computed level of significance* ay 0.801, sa Espiritwal na salik, *the computed level of significance* ay 0.366, sa Mental na salik, *the computed level of significance* ay 0.691, sa Pinansyal na salik, *the computed level of significance* ay 0.175, sa Relasyonal na salik, *the computed level of significance* ay 0.792, at Sosyal na salik, *the computed level of significance* ay 0.307.

Lahat ay mayroong *computed levels of significance* na mas mataas sa *set value of significance* at 0.01 level 2-tailed or 0.05 level 2-tailed, kaya, *null hypothesis is accepted*.

Ang resulta ay walang pagkakaiba o *not significant* ang *mean score* sa anim na salik kapag grinupo sa pagkakakilanlan; tumigil o ipinagpatuloy ang kanilang pag aaral.

**Talahanayan 14. Test for significant difference in terms of tumigil o ipinagpatuloy**

<b>Tumigil o Ipinagpatuloy</b>	<b>Computed Level of Significance</b>	<b>Decision</b>
<b>Emosyonal</b>	0.801	Not significant
<b>Espiritwal</b>	0.366	Not significant
<b>Mental</b>	0.691	Not significant
<b>Pinansyal</b>	0.175	Not significant
<b>Relasyonal</b>	0.792	Not significant
<b>Sosyal</b>	0.307	Not significant

*\*Significant at .05 level (2-tailed)*

**KONKLUSYON AT REKOMENDASYON**

**Konklusyon**

Ang mga mananaliksik ay nagkaroon ng mga sumusunod na konklusyon ayon sa layunin ng pag-aaral:

1. Ang pinakamaraming nabuntis na respondente ay noong sila ay nasa edad na 17-18 at ang pinaka-kaunting nabuntis ay noong sila ay nasa edad na 13-16.
2. Ang ilan sa mga respondente ay napatigil ang pag-aaral noong sila ay nasa *highschool* dahil nalaman nila na sila ay buntis, sinundan naman ng mga kabataang nasa elemetarya ang antas at pinakakaunti ay noong sila ay nasa kolehiyo na.
3. Ang ilan sa mga batang inang nabuntis ay ikinasal sa ama ng kanilang anak, na sinundan ng mga nakipaglive-in o nagsasama kahit hindi kasal at pinakakaunti lamang ang single o hindi kasama ang ama ng kanilang anak.

4. Halos lahat ng batang ina ay tumigil na sa pag-aaral matapos nilang manganak at ang walong poryento na lamang nito ay hindi na ipinagpatuloy.
5. Sa pandamdaming salik, ang mga positibong naranasan ng mga batang ina ay nag-aalala sila kapag nakikita nilang nahihirapan ang kanilang mga anak o kapag ito ay may sakit, Nasasaktan sila kapag nakikita nilang umiiyak ang kanilang mga anak at nakakaramdam din sila ng pagkataranta sa tuwing mangyayari ito, at nasisigawan nila ang kanilang anak kapag sila ay nagagalit. Ang mga pangyayaring ito ay positibo nilang nararanasan o siguradong nararanasan nila sa buhay bilang isang batang ina.
6. Sa espiritwal na salik, ang negatibo o hindi nararanasan ng mga batang ina ay hindi na sila nakakasimba isang beses sa isang lingo.
7. Sa mental na salik, ang mga positibong nararanasan ng mga batang ina ay nagkaroon sila ng mga pangamba at agam-agam noong sila ay nabuntis agad. Nagkaroon sila ng pagdududa kung kaya nga ba nilang maging isang ina sa mura nilang edad, iniisip din nila kung bakit sila naging batang ina na sa halip na nag-aaral pa sila at walang problema ay nagkaroon sila ng mabigat problema. Ang mga pangyayaring ito ay positibo nilang nararanasan o siguradong nararanasan nila sa buhay bilang isang batang ina.
8. Sa pinansyal na salik, ang mga positibong nararanasan ng mga batang ina ay ang pangungutang nila sa tindahan na ang ibig sabihin ay nagkukulang sa pinansyal na pangangailangan kung

kaya't kailangan pa nila manghiram sa iba. Ang mga pangyayaring ito ay positibo nilang nararanasan o siguradong nararanasan nila sa buhay bilang isang batang ina. Ang mga negatibo o hindi nararanasan ng mga batang ina ay hindi na niya nabibili ang mga bagay na gusto niya alinsunod sa kanyang luho, magkaroon ng maraming stock ng pagkain, at ang makakain sa labas katulad sa mga restawran.

9. Sa relasyonal na salik, ang mga positibong nararanasan ng mga batang ina ay ang laging silang napagsasabihan ng mga nakakatanda dahil sa hindi magandang nangyari sa kanila. Ang mga negatibo o hindi nararanasan ng mga batang ina ay ang hindi sila malapit sa kanilang biyenan at hindi na sila nakakasama sa mga kaibigan nila dahil nakapokus na lang ang atensyon nila sa kanilang pamilya.
10. Sa sosyal na salik, ang positibong nangyayari sa kanila ay may nagbibigay sa kanila ng mga gamit na pambata at ang mga negatibong naman ay hindi na sila nakakasali sa mga proyektong panlipunan, kahit kasama nila ang kanilang anak ay hindi sila inuuna sa pila, hindi na sila nakakapag party kasama ang kanilang mga kaibigan.
11. Walang pagkakaiba ang *mean score* ng anim na salik kapag grinupo sa antas ng huling pag-pasok, edad ng unang panganganak at kapag grinupo sa pagkakakilanlan; kung ito ay tumigil o ipinagpatuloy ang kanilang pag-aaral.
12. Walang pag kakaiba sa *mean score* sa espirital, mental, pinansyal at relasyonal na salik kapag grinupo sa *marital status*

at mayroong pagkakaiba sa *mean score* sa emosyonal at sosyal na salik kapag grinupo sa *marital status*.

### **Rekomendasyon**

1. *Sa mga magulang*, kailangan maging malawak ang kanilang isipan at malaman kung ano nga ba ang mga maaaring pagdaanan ng mga batang ina. Makakatulong ito upang mapangaralan at magabayan nila ang kanilang mga anak upang maiwasan ang pagiging isang batang ina.
2. *Sa mga kabataan*, ang pag-aaral at pag-alam sa mga maaaring pagdaan ng isang batang ina ay makakatulong sa kanila upang maiwasan ang pagpasok sa mahirap na sitwasyon na ito, kahit na nariyan ang mga magulang at pamilya nila upang tulungan sila ay dapat itatak nila sa kanilang isipan na hindi habang buhay ay kailangan sila umasa sa tulong ng iba.
3. *Sa mga Batang Ina*, ang paghahanda sa sarili at pag-alam sa mga maaari pa nilang maranasan na problema ay malaki ang maitutulong sa kanila. Magandang pakinggan ang mga payo ng kanilang mga magulang.
4. *Sa mga susunod na mananaliksik*, Maaari itong maging gabay para sa mga susunod na mananaliksik, ang pagpapalawak pa sa pag-aaral na ito ay isang magandang pagpapayo. Ang pagtuklas sa higit pang mahahalagang datos o impormasyon ay maaring makatulong upang lumawak pa ang kaalaman tungkol sa nararanasan ng mga batang ina. Bigyang diin din ng mga susunod na mananaliksik ang kultura, partikular ang kinasanayan at paniniwala ng mapipiling respondente batay sa



lokasyon ng pag-aaral, makakatulong ito upang mas maunawaan ang mga salik na makakaapekto sa kaisipan ng mga batang ina na nagbunsod sa kanila upang pasukin ang responsibilidad bilang isang magulang.

## TALASANGGUNIAN

- Abelos et al. (2005). Human Growth and Development. *General Psychology*. Nakuha noong Oktubre 10, 2014, published in Valencia Educational Supply. Mula sa p.200.
- Bernard, Jessie. The Social Structure of the Female World . *The Female world*. p. 176.
- Bouchard, Tamar (2011). Thesis. "Soully Responsible: A Single Mother's Spiritual Journey". Nakuha noong September 19, 2014, mula sa <https://library.uvm.edu/jspui/bitstream/123456789/304/1/Tamar.pdf>.
- Breheeny & Stephens (2007). Pregnancy and Childbearing. *Planned Parenthood Federation of America*. Nakuha noong September 19, 2014, mula sa [http://www.plannedparenthood.org/files/2013/9611/7570/Pregnancy\\_Ad\\_Childbearing\\_Among\\_US\\_Teens.pdf](http://www.plannedparenthood.org/files/2013/9611/7570/Pregnancy_Ad_Childbearing_Among_US_Teens.pdf).
- Casin and Navales (2013). *Kaso ng teenage pregnancy sa bansa, patuloy na tumataas*. Untv News. Nakuha noong January 23, 2014, mula sa <http://www.untvweb.com/news/kaso-ng-teenage-pregnancy-sa-bansa-patuloy-na-tumataas/>.
- Corlyon, Judy (2011). Teenage Parenting. *The Tavistock Institute*. Nakuha noong September 19, 2014, mula [http://www.tavistock.org/wp-content/uploads/2013/01/TavistockReport\\_Reference\\_Manual\\_Teenage\\_Parenting.pdf](http://www.tavistock.org/wp-content/uploads/2013/01/TavistockReport_Reference_Manual_Teenage_Parenting.pdf).

- Debra Immergut. *My Life as a Teenage Mom*. Parents Magazine. Nakuha noong January 23, 2014, mula sa <http://www.parents.com/parenting/dynamics/single-parenting/life-as-teenage-mom/> .
- De Loza- Cudia, Juliet (2013). *Batang ina sinunog ang bituka*. Abante Tonite. Nakuha noong January 23, 2014, mula sa [http://www.abante-tonite.com/issue/may2613/c\\_rime\\_story01.htm](http://www.abante-tonite.com/issue/may2613/c_rime_story01.htm).
- Ferriol, Nonie (2013). "*Batang ina, nag-suicide?*" Abante Tonite. Nakuha noong January 20, 2014, mula sa <http://www.abante.com.ph/issue/mar2213/crimes02.htm>.
- Flores, Mary Rose D., Habacom, Marriane R., Reynoso and Ann Lou S. (2010). *Social Adjustment Levels of the Married and Unmarried Teenage Mother in Sta. Cruz, Laguna*. Colegio De San Juan De Letran, Calamba.
- Keeping Teen Mothers in School. *Baltimore*. Oct 13, 1994. Nakuha noong February 9, 2014, mula sa [http://articles.baltimoresun.com/1994-10-13/news/1994286\\_102\\_1\\_teen-mothe](http://articles.baltimoresun.com/1994-10-13/news/1994286_102_1_teen-mothe).
- Lings, Pamela. (2004). Positive Experiences of Teenage Motherhood; A qualitative Study. *The journal of the royal college of general practitioners*. 1;54 (508). p. 813-815.
- Meece Judith L., (2008). Adolescent Sexuality and Pregnancy. *Child and Adolescent Development for Educators*. McGraw-Hill.
- Mga Publikasyon sa Tagalog (2000-2014)*. Nakuha noong September 19, 2014, mula sa <http://wol.jw.org/en/wol/d/r27/lp-tg/102004722mga>.
- Morales, Ime. (2013). *Number of Pinay teenagers giving birth up by more than 60 Percent in 10 years, 3rd highest in ASEAN*. GMA News Online. Nakuha noong February 16, 2014, mula sa <http://www.gmanetwork.com/news/story/316613/lifestyle/healthandwell>.
- Pat Gaudette. (2008). *Good Advice for Teen Mothers*. *Teen Mom: A Journal*. Home & Leisure Publishing, Inc. Nakuha noong on February 16, 2014,

- mula sa <http://teen-mom.com/good-advice-for-teen-mothers.htm>.
- Pe-pua, R. (1995). *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Damdamin*. UP Press Publication. Nakuha noong Agosto 10, 2014.
- Qambata, Nolitha Albah, (2010). A Descriptive Study on Experiences of teenage Mother attending Notyatyambo Health Care Centre, Eastern Cape with regard to Child Care. *Parenting Problems*. Nakuha noong October 9, 2014, mula sa [http://ufh.netd.ac.za/bitstream/10353/408/1/Qambata%20\(M%20Cur\)%20Nursing%20Sc.pdf](http://ufh.netd.ac.za/bitstream/10353/408/1/Qambata%20(M%20Cur)%20Nursing%20Sc.pdf).
- Quinones, Karla (2002). *Teenage Motherhood Makes Life Difficult*. Silver International Newspaper. Nakuha noong September 4, 2014, mula sa <http://silverinternational.mbhs.edu/v162/V16.2.02a.teenpregnancy.htm>.
- Ramos, Marlon. (2008). *Alarming rise in teenage pregnancies noted*. Philippine Daily Inquirer. Inquirer Publications Inc. Nakuha noong February 12, 2014, 81, p.23.
- Rebecca B. Singson, MD, (2008). *Teen Pregnancies in the Philippines*. Philippine Daily Inquirer. Inquirer Publications Inc . Nakuha noong March 13, 2014. Vol. 23 (197), p. B-7.
- Salarzon, JB. (2013). *Anak sa sariling anak pinisak ang ulo*. Abante Tonite. Nakuha noong January 20, 2014, mula sa <http://www.abante.com.ph/issue/aug2413/crimes01.htm>.
- Salceda. (2013). *Albay Teenage Pregnancies Cut*. Malaya Busines Insight. 2013. March 21 2013 (p. B3).
- Susan Reimer. (2011). *Preventing Teen Pregnancy Saves Taxpayers Billion*. Baltimore. Nakuha noong February 8, 2014, mula sa [http://articles.baltimoresun.com/2011-06-15/features/bs-gl-reimer-teen-pregnancy-20110616\\_1\\_teen-pregnancy-teen-mother-health-care](http://articles.baltimoresun.com/2011-06-15/features/bs-gl-reimer-teen-pregnancy-20110616_1_teen-pregnancy-teen-mother-health-care).
- Susan Reimer. (2012). *Poverty does not cause teen pregnancy*. Baltimore.

Nakuha noong February 8, 2014, mula sa  
[http://articles.baltimoresun.com/2012-04-23/news/bs-ed-teen-pregnancy-letter-20120423\\_1\\_teen-pregnancy-unwed-teen-parents-pregnant-girl](http://articles.baltimoresun.com/2012-04-23/news/bs-ed-teen-pregnancy-letter-20120423_1_teen-pregnancy-unwed-teen-parents-pregnant-girl).

Tacio, Henrylito D. (2011). *The alarming rise of teenage pregnancy*. Sun star Cagayan De Oro. Published in the Sun.Star Cagayan de Oro newspaper.  
Nakuha noong February 8, 2014, Mula sa  
<http://www.sunstar.com.ph/cagayan-de-oro/lifestyle/2011/11/18/alarming-rise-teenage-pregnancy>.